

9. Mga serbisyong pangkalusugan at pangsuporta para sa mga partikular na grupo

Mga Kababaihan

Mga serbisyo sa Pagdadalantao at Panganganak (Maternity services)

- Ang pangangalaga bago manganak (ante-natal) ay karaniwang nag-uumpisa sa iyong doktor pampamilya (GP) na magrekomenda sa iyo sa isang ospital, sentro ng pa-anakan o sa iba pang tagapag-bigay ng serbisyo sa panganganak

Palipat-lipat na Serbisyong Pangkalusugan ng Kababaihan (Mobile Women's Health Service)

- ay isang grupo ng 15 narses na magkakaugnay (network) na nagtrabaho sa mga lalawigan at malalayong lugar sa Queensland, na sadyang sinamay para magbigay ng serbisyong pangkalusugan sa mga babae
- karagdagang impormasyon: tawagan 13 HEALTH na linya 13 43 25 84

BreastScreen Queensland

- naglalaan ng libreng pag-screen sa mga suso (screening mammograms) sa mga babaeng may 40 taong gulang at higit pa, lalong-lalo na ang mga babaeng may 50 hanggang 69 taong gulang. Ang layon ng pag-screen ng mga suso ay para manmanan at matuklasan ang kanser sa suso
- tawagan: 13 20 50 saan mang lugar ng Queensland at gumawa ng appointment

Pap smear

- inirekomenda sa mga kababaihang nagkaroon na ng karanasang sekswal na magsimulang magpa-Pap Smear (para matiktikan o makita ang kanser sa matris) sa pagitan ng mga edad na 18 - 20, o sa loob ng dalawang taon makalipas ang unang sekswal na karanasan/kontak, kung alinman ang mas huling nangyari. Ang mga GP at mga klinikang pangkomunidad ang nagsasagawa nito
- karagdagang impormasyon: Women's Health Queensland Wide (07) 3839 9988 o 1800 017 676 (labas ng Brisbane) para makahanap ng serbisyong malapit sa inyo

Karahasan sa Tahanan at Pag-atakeng Sekswal (Domestic violence & sexual assault)

- tawagan: Immigrant Women's Support Service (07) 3846 5400 o (07) 3846 3490 sa araw
- tawagan: Statewide Sexual Assault Help Line 1800 010 120 7 n.u. hanggang to 11 n.g.

Mga serbisyong Pangkalusugan ng Kababaihan (Women's health services)

- i mayroon sa Queensland ng mga serbisyong pangkalusugan para sa mga babae - pribado o hindi pampamahalaan
- karagdagang impormasyon: 13HEALTH na linya 13 43 25 84

Mga serbisyo sa Pangkaisipang Kalusugan (Mental health services)

- libreng pagtatasa, paggagamot at pangangalaga ng mga may-edad na mahigit sa 18 taong gulang na nakakaranas ng mga sakit/karamdamang pangkaisipan sa ospital o mga serbisyong pang-komunidad
- karagdagang impormasyon: Queensland Transcultural Mental Health Centre (07) 3240 2833 o 1800 188189 (labas ng Brisbane)

Mga taong matatanda na

Mga Serbisyong Pangangalaga sa Bahay at Komunidad (Home and Community Care Services)(HACC)

- naglalaan ng pangunahing pag-aalaga at mga serbisyong pangsuporta upang matulungan ang mga matatanda na mahihina na (at mga mas nakababata na may kapansanan) upang patuloy na manirahan sa kanilang komunidad
- maraming mga klase ng mga serbisyo ang binibigay ng HACC, kabilang ang mga serbisyong ibinibigay sa wikang naiiba sa Ingles at para sa mga grupong kaiiba ang kulturang pinanggalingan.
- tawagan: HACC Resource Unit sa Brisbane (07) 31394653
- tawagan: Commonwealth Carelink Centre sa 1800 052 222

Mga Serbisyo sa Pangangalaga ng mga Matatanda (Aged care services)

- ibinibigay ng alinman sa mga serbisyong pampamahalaan at di-pampamahalaan sa mga sariling tahanan, mga sentro ng pansandaliang tigil (respite centres) at mga tahanan para sa matatandang hindi makapag-alaga sa sarili (nursing homes)
- kasama sa mga serbisyong ito ang pagkain, pagbibiyaha, gawaing pambahay, paglabas-labas, pangangalaga ng narses, magkaka-ugnay na pangkalusugang pangangalaga at sandaliang pagtigil
- ang pangangalaga sa 'nursing home' ay maibibigay rin sa mga taong tinasahang karapatdapat, na talagang, nangangailangan ng uri ng pangangalagang hindi na maaring ibigay sa sariling tahanan (high level care).
- tawagan: Aged Care Information Line 1800 500 853